

VALLEY FEVER (COCCIDIOIDOMYCOSIS)

Ano ang Valley Fever?

Ang Valley Fever ay isang sakit na karaniwang nakakaapekto sa mga baga. Ito ay dulot ng fungus na tinatawag na *Coccidioides*. Ang *Coccidioides* ay nabubuhay sa lupa. Ito ay isang matigas na anyo ng fungus na nabubuhay nang matagal na panahon sa ilalim ng malupit na kundisyon ng kapaligiran gaya ng init, lamig at tagtuyot, at kumakalat sa pamamagitan ng mga maliliit na organismo sa hangin kapag ang lupa ay nagagagalaw. Tinatayang 150,000 mga impeksyon ng *Coccidioides* ang nagaganap kada taon sa Estados Unidos kahit na mahigit sa kalahati ng mga impeksyon na ito ay hindi nagpapakita ng sintomas.

Saan matatagpuan ang Valley Fever fungus?

Ang Valley Fever fungus ay matatagpuan sa ilang bahagi ng timog-kanlurang Estados Unidos, at sa ilang bahagi ng Mexico at Sentro at Timog Amerika. Ang mga lugar na ito ay may lupa at kundisyon ng panahon na nagpapahintulot sa fungus na tumubo. Sa California, ang fungus ay matatagpuan sa maraming bahagi ng San Joaquin Valley (Central Valley).

Paano nakukuha ng tao ang Valley Fever?

Nakukuha ng tao ang Valley Fever kung sila ay makalanghap ng alikabok mula sa lupa na naglalaman ng maliliit na organismong fungal. Ang maliliit na organismong fungal ay maaaring mapunta sa hangin kung ang lupang naglalaman ng fungus ay nagalaw dahil sa paghuhukay, sa konstruksyon, o dahil sa malakas na hangin. Ang mga trabahador sa konstruksyon o bukid, mga tauhang militar, arkeologo, at iba pang nakakalanghap ng alikabok mula sa lupa sa mga lugar kung saan ang Valley Fever ay karaniwan ay maaaring malantad sa maliliit na organismong fungal.

Ano ang mga senyales at sintomas ng Valley Fever?

Tinatayang 60 porsyento ng mga taong nagka-impeksyon ay walang kahit anong sintomas. Karamihan sa mga taong may mga sintomas ay nagkakaroon ng mala-trangkasong sakit na may kasamang ubo, lagnat, pananakit ng dibdib, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, at kapagalan na tumatagal ng isang buwan. Minsan ang ibang bahagi ng katawan ay apektado, gaya ng utak, buto, balat, o iba pang mga bahagi ng katawan. Ang tawag dito ay laganap na Valley Fever. Mas mababa pa sa isang porsyento ng mga taong nagka-impeksyon ay nagkakaroon ng laganap na Valley Fever.

Paano sinusuri ang Valley Fever?

Kung ang Valley Fever ay pinaghihinalaan, ang doktor ay maaaring mag-utos ng pagsusuri ng antibody sa dugo o pagkukultura.

Paano ginagamot ang Valley Fever?

Kahit pa maraming tao ang may Valley Fever na hindi nangangailangan ng paggamot, lahat ng taong may sintomas ay dapat na kumuha ng medikal na atensyon. Ang iyong doktor ang magdedesisyon kung kailangan mo ng gamot, na karaniwang ay iniinom o itinuturok na gamot na panlaban sa fungus.

Maaari ko bang makuha ang Valley Fever sa taong may impeksyon nito ?

Hindi. Ang Valley Fever ay hindi naisasalin sa isang tao papunta sa isa.

Sino ang nanganganib na magkaroon ng laganap na Valley Fever?

May ilang grupo ng tao na mas mataas ang panganib na magkaroon ng laganap na sakit at maaaring malubhang magkasakit kapag nagka-impeksyon. Kabilang ang mga taong may mahinang resistensya gaya ng mga taong may kanser, ang mga may kanser na nasa chemotherapy, o mga taong may impeksyon ng HIV. Kabilang din sa mga nasa peligro sa malalang sakit ang mga nakatatanda, mga taong may lahing Aprikano, o Pilipino, at mga kababaihan na nasa pangatlong tatlong-buwan ng pagbubuntis.

Maaari bang pigilan ang Valley Fever?

Ang Valley Fever ay mahirap pigilan. Walang bakuna sa kasalukuyan; kasalukuyang sinisikap na makabuo ng bakuna. Ang mga taong nasa peligro ng Valley Fever o na makakuha ng malalang sakit ay dapat na iwasan ang malantad sa mga maalikabok na hangin kung saan ang Valley Fever ay karaniwan. Ang mga nalalantad sa panahon ng kanilang pagtatrabaho o mga panglabas na gawain sa mga lugar na ito ay dapat na isaalang-alang ang proteksyon sa paghinga, gaya ng maskara, sa panahon ng mga gawain na ito.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Valley Fever?

Ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) at ang pampederal na Mga Sentro para sa Pamamahala at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) ay may mga website na may impormasyon ukol sa Valley Fever:

<http://www.cdph.ca.gov/HealthInfo/discond/Pages/Coccidioidomycosis.aspx>

<http://www.cdc.gov/fungal/coccidioidomycosis/>

June 2012